









# *KAPANGYARIHAN NG PANANAMPALATAYA*

Maaktibong pag-aaral sa Aklat ng Mga Gawa ng Apostol
para sa paglago ng pananampalataya

## PAMBANSANG KAMPANYA SA PAGBABASA NG BIBLIYA

CHURCH STARTS INTERNATIONAL
A Gateway to World Missions
churchstarts.com

Tagalog - Faith Power 10-14

# KAPANGYARIHAN NG PANANAMPALATAYA

## Maaktibong Pag-aaral sa

### AKLAT NG MGA GAWA NG MGA APOSTOL

**Panimula:**

Saan man pumaroon si Jesus, binabago niya ang buhay ng mga nakikilala niya. Ang dakilang kapangyarihan ni Jesus ay patuloy na nadarama sa kanyang pagkabuhay na magmuli at pag-akyat sa langit. At nagpapatuloy magpasahanggang ngayon.

Ang may-akda ng ebanghelyo ni Lukas, na naglalarawan ng buhay ni Jesu-Cristo, ay siya ring sumulat ng mga pangyayari sa buhay ng mga alagad pagkatapos niyang umalis sa sanlibutan. Ang aklat na ito'y hindi lamang naglalarawan ng pananampalataya ng mga kristiyano ng nakaraang panahon, bagkus ay tinala rin dito ang kapangyarihang espirituwal na naranasan ng mga tumanggap kay Jesu-Cristo bilang kanilang Panginoon at Tagapagligtas ng kanilang buhay. Ang kanilang karanasan ay maingat na tinala ni Lukas na isang manggagamot, na tapat na kasama ni Pablo sa paglilingkod. Ang pag-aaral sa karanasang ito ang magbibigay patunay sa patuloy na paglakas ng pananampalataya ng bawat isang lalahok sa bawat serye ng pag-aaral.

CHURCH STARTS INTERNATIONAL
A Gateway to World Missions
churchstarts.com

## MGA NILALAMAN


1. Ang Panimula ng Bagong Buhay 1
2. Patotoo sa Kapangyarihan ng Banal na Espiritu 6
3. Ang Tumatalong Pilay 11
4. Ang mga Hukom ay Hinatulan 15
5. Bautismo ng mga Nananalig 20
6. Pagpapatotoo sa Hari 25


**Pambansang Kampanya sa Pagbabasa ng Bibliya**


**Church Starts International**
P.O. Box 177
Henrietta, TX 76365
(940) 538-5665
billdavis@churchstarts.com
www.churchstarts.com



All scripture quoted in this booklet is from:
"The GOOD NEWS Bible"
© 1976 by the American Bible Society
Used with permission.
© 1999, 2003 Ted Lindwall



## ANG PANIMULA NG BAGONG BUHAY

***Kaya't ang sinumang nakipag-isa kay Cristo ay isa nang bagong nilalang. ang dating pagkatao; siya'y bago na*. 2 Corinto 5:17**

Si Jesu-Cristo ay naparito upang bigyan tayo ng buhay na walang hanggan, ang buhay na sagana. Ang buhay na ito ay hindi magsisimula sa langit bagkus sa lupa sa sandaling ibigay natin ang ating buhay kay Jesu-Cristo sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang buhay na puno ng pagpapala at mahahalagang karanasang kasama ang Panginoon. Ang buhay na namumunga sa espiritu at bagong pakikisama sa Diyos at sa iba.

Ang bawat isa ay dapat na maging masigsig sa pagtanggap sa lahat ng biyayang binabahagi ng Diyos. Ang mga sumusunod na pag-aaral ay magpapakita sa bawat mag-aaral ng mga mahahalagang katotohanan sa buhay ng mga kristiyano halintulad sa mga karanasan ng mga kristiyano noong unang siglo. Ang kanilang kasaysayan ay matatagpuan sa ikalimang aklat ng Bagong Tipan, Ang mga Gawa ng Apostol. Ang unang dapat gawin ng bawat isa ay siguruhing may bagong buhay kay Jesu-Cristo. Ang sumusunod na pag-aaral ay makatutulong.

***Basahin sa Bibliya: Gawa 16:16-34***

**Gawa 16:16-18.** ***Isang araw, nang patungo kami sa dakong panalanginan, nasalubong namin ang isang batang babaing alipin. Ito'y inaalihan ng masamang espiritu na nagbibigay sa kanya ng kapangyarihang makapanghula. At malaki ang kinikita ng kanyang mga panginoon dahil sa kanyang panghuhula. Sinundan sundan niya kami nina Pablo, at sumisigaw ng ganito, "Ang mga taong ito'y alipin ng Kataas-taasang Diyos! Ipinahahayag nila sa inyo kung paano kayo maliligtas!" Sapagkat marami nang araw na ginagawa niya ito, nayamot si Pablo. Hinarap niya ang bata at sinabi sa espiritu, "Iniuutos ko sa iyo sa pangalan ni Jesu-Cristo: lumabas ka sa babaing ito!" At noon di'y lumabas ang espiritu.***

1. Sa talatang ito, ano ang katibayan na ang sinaunang mga kristiyano ay madasaling tao? Ano ang sinasabi ng babaing inaalihan ng espiritu ng panghuhula?



CHURCH STARTS INTERNATIONAL
A Gateway to World Missions
churchstarts.com

**Gawa 16:19.** ***Nang makita ng mga panginoon ng bata na nawalan sila ng pagkakakitaan, sinunggaban nila sina Pablo at Silas, kinaladkad sa liwasang-bayan at iniharap sa mga maykapangyarihan.***

2. Bakit nagalit ang ibang mga tao kina Pablo at Silas? Ang ginawa ba nila sa babae ay masama o mabuti?

**Gawa 16:20-24.** ***Isinakdal sila sa mga pinuno ng lunsod, at ito ang sinabi, "Nanggugulo po sa lunsod ang mga Judiong ito. Nagtuturo sila ng mga kaugaliang labag sa kautasan nating mga Romano. Hindi natin maaaring tanggapin o sundin ang mga kaugaliang iyan." Dinaluhong sila ng mga tao, at matapos pahubaran ng mga pinuno, sila'y pauli-ulit na pinahagupit, saka ipinabilanggo at pinabantayang mabuti. Ipinasok sila ng bantay sa kaloob-looban ng bilangguan at ipinangaw ang mga paa.***

3. Ano ang inaakusa sa mga kristiyano? Sa ating panahon, may mga masamang kaugalian pa bang mababago ng kanyang makapangyarihang salita? Mayroon bang hindi sasang-ayon sa sa ganitong pagbabago? Paano pinarurusahan ang mga kristiyano? Sa panahon ngayon, may mga kristiyano pa bang pinahihirapan dahil sa kanyang pananampalataya kay Jesus? Naniniwala ka bang may gantimpala sa Diyos ang sino mang pinahihirapan dahil sa kanya?

**Gawa 16:25.** ***Nang maghahating gabi na, sina Pablo at Silas ay nananalangin at umaawit ng mga imno, at nakikinig naman ang ibang mga bilanggo.***

4. Paano ang pakitungo ng kristiyano pagkatapos parusahan?
- ☐ Nawalan ng pag-asa at nagreklamo sa Diyos.
- ☐ Sila'y umawit ng mga imno at nagpatotoo sa mga bilanggo.

**Gawa 16:26-28.** ***Di-kaginsa-ginsa'y lumindol ng napakalakas, anupat nayanig pati ang mga pundasyon ng bilanguan. Pagdaka'y nabuksan ang mga pinto, at nakalag ang mga tanikala ng mga bilanggo. Napabalikwas ang bantay-bilangguan at nang makitang bukas ang mga pinto, hinugot ang kanyang tabak at tangkang magpapakamatay sa akalang nakatakas ang mga bilanggo. Ngunit sumigaw si Pablo, "Huwag mong saktan ang iyong saril! Narito kaming lahat!"***

5. Paano namagitan ang Diyos sa pangyayari? Paano pinakita ni Pablo ang kabaitan sa bantay-bilangguan na nagtrato sa kanila ng masama?

**Gawa 16:29-30.** ***Humingi ng ilaw ang bantay, patakbong pumasok at nanginginig na nagpatirapa sa harapan nina Pablo at Silas. Inilabas niya ang mga ito at sinabi, "Mga ginoo, ano po ang dapat kong gawin upang ako'y maligtas?"***

6. Sa Iyong Pananaw: Bakit gayon na lamang ang respeto ng bantay-bilangguan sa dalawang kristiyano? Ano ang kanyang tanong?

**Gawa 16:31.** ***Sumagot sila, "Sumampalataya ka sa Panginoong Jesus, at maliligtas ka -- ikaw at ang iyong buong sambahayan.***

7. Markahan "x" ang tamang sagot. Batay sa sinasaad, upang maligtas, ang isa'y:

☐ kinakailangang manampalataya kay Cristo
☐ kinakailangang tanggapin na si Cristo ang Diyos ng iyong sarili
☐ kinakailangang sumali sa mga ritwal ng mga kristiyano

**Gawa 16: 32.** ***At ang salita ng Panginoon ay ipinahayag nila sa kanya at sa lahat ng nasa kanyang bahay.***

8. Ano ang Iyong Masasabi: Paano ipinakita ng mga kristiyano ang kagustuhang nilang maligtas ang buong sambahayan? Bakit kinakailangang sama-sama ang buong pamilya sa pag-aaral ng salita ng Diyos? Ano ang pakinabang ng isang pamilya kung sila'y sama-samang nananalig kay Jesus?

**Gawa 16:33-34.** ***Nang gabi ring iyon, hinugasan ng bantay ang kanilang mga sugat, at nagpabautismo siya pati ang buo niyang sambahayan. Pagkatapos, sila'y isinama niya sa kanyang tahanan at hinainan ng pagkain. Galak na galak siya at ang kanyang buong sambahayan, sapagkat sila'y natutong sumampalataya sa Diyos.***

9. Sa paanong paraan ipinakita ng bantay ang pagbabago sa pakikitungo sa dalawang kristiyanong mensahero? Ano ang naging reaksiyon nila sa karanasan ng kaligtasan?

**<u>IBA PANG TALATA PATUNGKOL SA KALIGTASAN</u>**

**Gawa 2:36.** ***"Kaya't dapat malaman ng buong Israel na itong si Jesus na ipinako ninyo sa krus – siya ang ginawa ng Diyos na Panginoon at Cristo!"***



CHURCH STARTS INTERNATIONAL
A Gateway to World Missions
churchstarts.com

10. Sa Iyong Pananaw: Paanong nangyari na si Jesus ang Panginoon?

☐ May karapatan siya sa lahat ng angel
☐ May karapatan sya sa lahat ng tumanggap sa kanya bilang Panginoon
☐ Wala siyang karapatan. Ang Panginoon ay isang pahayag lamang ng respeto

**Gawa 4:12.** ***"Kay Jesu-Cristo lamang matatagpuan ang kaligtasan, sapagkat sa silong ng langit, ang kanyang pangalan lamang ang ibinigay ng Diyos sa ikaliligtas ng tao."***

11. Tayo'y naligtas sa pangalan (sa karapatan) nino? May iba pa bang pangalang may karapatan upang tayo ay maligtas? Maliligtas ba tayo sa pamamagitan ng simbahan, sa mga pinunong relihiyon o mga bayaning kristiyano?

**Gawa 20:20-21.** ***Hindi ako nangiming magsabi sa inyo ng anumang ikabubuti ninyo sa aking pagtuturo at pangangaral sa inyo, maging sa hayagan at sa bahay-bahay. Ipinangangaral ko maging sa mga Judio at sa mga Griego na dapat nilang talikdan ang kanilang kasalanan at manumbalik sa Diyos, at manalig sa ating Panginoong Jesu-Cristo.***

12. Sabi ni Pablo tayo ay naligtas sa

☐ pagiging tapat sa relihiyon
☐ Paghingi ng tawad sa maling pamumuhay at pagkaloob ng ating sarili sa pananampalataya kay Jesu-Cristo, na ating Diyos at Hari.

**SURIIN ANG SARILI:**

☐ Tinatanggap ko na kailangan ng lahat ang kapatawaran at kaligtasan ng Diyos.
☐ Inaamin ko na mas matigas ang puso ko sa mga nakakulong at mahirap sa akin na ibigay ang aking pananampalataya kay Cristo.
☐ Alam ko na kinakailangan ko ang banal na kapatawaran at bagong buhay at ninanais ko na iligtas ako ni Cristo.
☐ Sa sandaling ito humihingi ako ng kapatawaran sa aking mga kasalanan at tinatanggap ko ang pangako ng Diyos na kapatawaran at kaligtasan.
☐ Tinanggap ko na ang kaligtasan ng aking kaluluwa noong dumating sa buhay ko ang pagkakataon.

2 IKALAWANG ARALIN



## Patotoo sa Kapangyarihan Ng Banal na Espiritu

Nang si Jesus ay malapit nang lumisan sa mundo, inutusan niya ang kanyang mga alagad na manatili sa Jerusalem para sa pagdating ng Banal na Espiritu. Binanggit ni Juan Bautista na si Jesus ang magbabautismo sa Banal na Espiritu, at iyon nga ang nangyari sa araw ng Pentecostes. Ito'y araw ng kapistahan ng mga Judio, ginaganap pagkatapos ng limampung araw makalipas ang paskuwa. Ang araw na ito ng Pentecostes ay nangyari isang linggo pag-akyat ni Jesus sa langit.

Ang Banal na Espiritu ay bumaba sa lahat ng mga sumusunod kay Cristo, na nagbigay sa kanila ng kapangyarihang makapagsalita ng wika ng mga Judio, sila na ang pakay ay relihiyon, na bumibisita sa Jerusalem na galing sa ibat-ibang nasyon. Ang mga alagad ni Jesus na puspos ng Banal na Espiritu ay nangalat kasama ng maraming tao at nagpatotoo tungkol kay Jesus sa ibat-ibang wika.

Nang maraming tao ang nagkatipon sa harapang ng templo, nanguna si Pedro at ipinaliwanag ang nangyayari. Pakingan natin ang mga salita ni Lukas tungkol sa kakaibang pangyayaring ito.

***Basahin sa Bibliya: Gawa 2:14-17, 32, 36-42***

**Gawa 2:14-17.** ***Tumayo si Pedro at ang labing-isang apostol, at nagsalita ng malakas, "Mga kababayan, at mga naninirahan sa Jerusalem: pakinggan ninyong mabuti ang aking sasabihin. Hindi lasing ang mga taong ito, gaya ng palagay ninyo, sapagkat ikasiyam palang ng umaga. Manapa'y natupad ngayon ang sinabi ni Propeta Joel: 'Ito ang gagawin ko sa mga huling araw, sabi ng Diyos, pagkakalooban ko ng aking Espiritu ang lahat ng tao, at sa ngalan ko'y magpapahayag ang inyong mga anak. Ang inyong mga binata'y makakakita ng pangitain, at ang inyong matatandang lalaki'y magkakaroon ng mga panaginip.'"***

1. Pananaw: Bakit ang paniwala ng mga Judio'y lasing ang mga alagad?

2. Noon, ang Banal na Espiritu ay binibigay lamang sa mga pinuno at mga propeta ng Israel. Ngunit ngayon, ang Banal na Espiritu ay sumasa mga:

☐ tao: lalaki at babae, bata at matanda
☐ paring Judio
☐ sundalong Romano

**Gawa 2:32.** ***Itong si Jesus ay muling binuhay ng Diyos, at saksi kaming lahat sa bagay na ito.***



3. Papaanong gayon na lamang magturo si Pedro na may kapangyarihan?

☐ Pinayagan at sinusuportahan siya ng mga paring Judio.
☐ Siya ay saksi sa pagkabuhay na magmuli ni Cristo.

4. Sariling Pananaw: Bakit gayon na lamang ka-importante ang pagkabuhay na magmuli ni Cristo?

☐ Ang naganap na ito, na walang naitalang katulad sa kasaysayan ng tao, ay nagpapatunay lamang na si Jesus ay Anak ng Diyos.
☐ Ang katunayan na maraming mga tao ang nakasaksi sa pagkabuhay na magmuli ni Cristo ang nagbibigay ng karapatan sa mensahe ng kaligtasan kay Cristo.
☐ Para kay Pedro, ang pagkabuhay na magmuli ni Jesus ay isang teorya lamang ng tao, isang tradisyong pangrelihiyon.
☐ Ang pagkabuhay na magmuli ni Jesus sa kamatayan ang nagbigay kasiguruhan sa mga alagad na ang kamatayan ay isang daan lamang upang sila'y makasamang muli ni Cristo habangbuhay.

**Gawa 2:36-37.** ***"Kaya't dapat malaman ng buong Israel na itong si Jesus na ipinako ninyo sa krus – siya ang ginawa ng Diyos na Panginoon at Cristo!" Nabagabag ang kanilang kalooban nang marinig ito, at tinanong nila si Pedro at ang mga apostol, "mga kapatid ano ang gagawin namin?"***

5. Bakit marami sa mga Judio ang masyadong nabahala?

☐ Sinabi ni Pedro na si Jesus ay patay pa rin.
☐ Inakusahan sila ni Pedro na nagpapako kay Jesus sa krus, ang Mesias na sinugo ng Diyos.
☐ Ipinahayag ni Pedro na ipinagtitibay ng Diyos na si Jesus ang Panginoon at ang Mesias, mga bagay na itinatangi dati ng marami.

Ilang siglo nang nag-aantay ang mga Judio sa pagdating ng Mesias, ang sinugo ng Diyos. Nang pinadala siya ng Diyos sa kanila, sa halip na kilalanin siya, pinatay nila siya. Ito ang pinakanakalulungkot na kabiguan ng Israel sa kanilang kasaysayan.

Ano ang Iyong Masasabi: Nang aminin ng mga Judio ang kanilang pagkakamali tungkol kay Jesus, ano ang kanilang tinanong sa mga alagad? Naniniwala ka bang sila'y taos-puso sa kanilang tanong?

**Gawa 2:38.** ***Sumagaot si Pedro, "Pagsisihan ninyo't talikdan ang inyong mga kasalanan at magpabautismo kayo sa pangalan ni Jesu-Cristo upang kayo'y patawarin; at ipagkakaloob sa inyo ang Espiritu Santo.***

6. Sinabi ni Pedro sa mga Judio na:



CHURCH STARTS INTERNATIONAL
A Gateway to World Missions
churchstarts.com

- ☐ Wala nang pag-asa pa sa kanila sapagkat higit ang kasalanan nila ng ipapatay si Cristo.
- ☐ Patatawarin sila ng Diyos kung sila ay hihingi ng tawad, tatanggapin si Jesus ngayon bilang kanilang Panginoon at Tagapagligtas.
- ☐ Kung sila ay mga tapat, kailangan nilang pabautismo upang sila'y maging tunay na kabilang kay Jesu-Cristo.

7. Ano ang Iyong Masasabi: Ayon kay apostol Pedro, ano ang nag-iisang dapat gawin ng tao upang sila'y mapatawad sa kanilang mga kasalanan? Ano ang ginagawa ng Banal na Espiritu sa mga taong sarili lamang ang iniisip ngunit tapat na humingi ng tawad sa kanilang kasalanan, tinatanggap si Cristo bilang Panginoon? Kung patatawarin ng Diyos ang lahat ng pumatay sa kanyang anak, maaari rin bang ang mga lalaki at babae ay mapatawad sa iba pa nilang kasalanan?

**Gawa 2:39.** ***Sapagkat ang pangako'y para sa inyo at sa inyong mga anak, at sa lahat ng nasa malayo – sa bawat tatawagin ng Panginoong Diyos.***

8. Ano ang magandang balitang ipinakikita ni Pedro?
- ☐ Ang pangako ng kaligtasan ay para sa mga Judio na naniniwala, sa mga bata, at para sa atin na nasa malayo, sa tuntunin ng oras at lugar.
- ☐ Tinatawag ng Diyos ang mga tao upang sila'y maligtas.
- ☐ Ang kaligtasan ay para lamang sa mga Judio.

9. Sariling Pananaw: Sa anong pangkaraniwang paraan kaya tayo tatawagin ng Diyos upang maligtas?
- ☐ sa pangitain at panaginip
- ☐ sa pagtuturo ng kanyang salita
- ☐ sa pag-aaral ng mga salita ng Diyos
- ☐ sa mga pangrelihiyong aklat
- ☐ sa panghihikayat ng mga kaibigan at mga kamag-anak
- ☐ ibang paraan: ________________________________

**Gawa 2:40.** ***Marami pa siyang inilahad upang patunayan ang kanyang sinabi, at nanawagan siya sa kanila, "Lumayo kayo sa masamang lahing ito upang kayo'y maligtas."***

10. Pananaw: Bakit nagpatotoo si Pedro at nagpayo sa mga tao?
- ☐ Nauunawaan niya na ang pananampalataya ay dapat magmula sa sariling desisyon ng bawat tao.
- ☐ Naramdaman niya ang kahalagahan niya sa pakikipag-usap niya sa mga tao.
- ☐ Malibang tangapin ng mga tao sa sarili ng may pananampalataya, hindi sila maliligtas.



- ☐ Nakita niya na ang lipunan kung saan nakatira ang mga nakikinig sa kanya ay mga masasama at malayo sa Diyos, sa kabila ng kanilang pagiging relihiyoso.

11. Pananaw. Sa palagay mo ba ang lipunan ngayon ay mas banal at kaaya-aya sa Diyos kaysa sa lipunan ng mga Judio kung saan nagsalita si Pedro? Ano ang panganib na espirituwal ang hinaharap natin ngayon sa ating lipunan?

**Gawa 2:41-42.** ***Kaya't ang mga naniniwala sa kanyang sinabi ay nagpabautismo; at nadagdag sa kanila ang may 3,000 tao nang araw na iyon. Nanatili sila sa itunuro ng mga apostol, sa pagsasama-sama bilang magkakapatid, sa pagpipira-piraso ng tinapay, at sa pananalangin***

12. Paano sumagot ang mga taong may pananampalataya kay Pedro ng ipamalita niya ang kaligtasan?
- ☐ Sila ay binautismohan bilang patotoo sa kanilang pananampalataya kay Cristo
- ☐ Sila ay naging bahagi ng samahan ng mga nanampalataya
- ☐ Nagsalita sila ng masasakit sa mga taong hindi tumanggap
- ☐ Patuloy nilang tinatanggap ang mga payo ng apostol
- ☐ Nakibahagi sila sa hapunan ng Diyos kasama ng iba pang naniniwala kay Cristo
- ☐ Sila'y nanalangin sa mga banal sa simbahan
- ☐ Sila'y nakibahagi sa pananalangin ng simbahan

13. Pananaw: Ano ang inaasahan ng Diyos sa bawat taong tunay na humingi ng tawad sa kanilang kasalanan at tinanggap si Jesu-Cristo bilang Panginoon at Tagapagligtas?


**ANG IYONG NARARAMDAMAN:** *(hindi kinakailang bigkasin ng malakas ang iyong sagot)*
- ☐ Hirap akong maniwala sa sinasabi ni Pedro.
- ☐ Naniniwala akong ang paniniwalang espirituwal na inilalarawan dito sa Aklat ng mga Gawa ay walang kahalagahan sa panahon natin ngayon.
- ☐ Naniniwala ako, salungat sa iba, na si Pedro ay nag-iiwan ng mga prinsipyo at mga gawi na maggagabay sa atin maging ngayon.
- ☐ Madali sa akin na maniwala sa mga mensahe ni Pedro ngunit mahirap sa akin na tanggapin dahil marami itong pahiwatig sa aking buhay.
- ☐ Hinihingi ko sa Diyos na bigyan niya ako ng karunungan at palaguin ang aking pananampalataya nang hindi ako mawalay sa pag-asa ng kaligtasan kay Cristo.
- ☐ Nagpapasalamat ako sa Diyos sa kanyang anyaya at walang pasubali kong tinatanggap ito, ipinagkakatiwala lamag ang kaligtasan kay Jesus.
- ☐ Ako'y nagpupugay sapagkat tinanggap ko na si Jesu-Cristo bilang aking Panginoon at sapat kong Tagapaligtas.
- ☐ Iba pang sariling nararamdaman: ____________________.



CHURCH STARTS INTERNATIONAL
A Gateway to World Missions
churchstarts.com

3 IKATLONG ARALIN

## ANG TUMATALONG PILAY



Minsan mahirap na maunawaan at sundin ang banal na plano ng Diyos sa ating mga buhay. Ito ang nangyari sa mga Judio nang marinig ang mapaghamong mensahe ni Pedro sa araw ng Pentecostes. Kahit ano pa man! Patuloy pa ring binibigay ng Diyos sa kanila ang mensahe, sa mga paraang hindi nila inaasahan.

***Basahin sa Bibliya: Gawa 3:1-21***

**Basahin Mga Gawa 3:1-10.** ***Minsan, ikatlo ng hapon, oras ng pananalangin, nagpunta sina Pedro at Juan sa templo. Sa malapit sa tinatawag na Pintuang Maganda ay may isang lalaking ipinanganak na lumpo. Dinadala siya roon araw-araw upang magpalimos. Nang makita niya sina Pedro at Juan na papasok sa templo, siya'y nanghingi ng limos. Tinitigan siya ng dalawa, at sinabihan ni Pedro, "Tumingin ka sa amin!" Tumingin nga siya sa pag-asang siya'y lilimusan. Ngunit sinabi ni Pedro, "Wala akong pilak o ginto, subalit may iba akong ibibigay sa iyo: sa ngalan ni Jesu-Cristong taga-Nazaret, lumakad ka." Hinawakan niya sa kanang kamay ang lumpo at itinindig. Pagdaka'y lumakas ang mga paa at bukong-bukong ng lalaki; ito'y napalukso at nagsimulang lumakad. Palukso-lukso siyang pumasok sa templo, kasama nila, at masayang nagpupuri sa Diyos. Nakita ng lahat na siya'y lumalakad at nagpupuri sa Diyos . Nanggilalas sila nang makilala nilang siya ang pulubing dati'y nakaupo sa Pintuang Maganda ng templo.***

1. Ilarawan ang lugar kung saan nangyari ang himala:
- ☐ Nangyari sa templo sa ordinaryong oras ng panalangin.
- ☐ Ang pilay ay dinala ng mga kaibigan niya sa pintuan ng templo upang mamalimos.
- ☐ Ang mga kristiyano ay walang kinalaman sa templo ng mga Judio, kinamumuhian ang mga Judio dahil sa kanilang pagpatay kay Jesus.

2. Ilarawan ang karanasan ng dalawang kristiyano:
- ☐ Sila'y pumasok sa templo upang makipagtalo sa mga Judio
- ☐ Pumaroon sila sa templo upang manalangin
- ☐ Sila ay nagalit nang mamalimos ang pulubi
- ☐ Inamin nilang wala silang pera
- ☐ Sinabi nila na may dala silang mas mahalaga kaysa pera: ang kapangyarihang galing kay Jesus upang pagalingin siya
- ☐ Hinawakan ni Pedro ang pilay sa kamay at inutusang tumayo sa pangalan ni Jesus na taga-Nazaret



3. Pananaw: Bakit pinagaling ni Pedro ang pilay?
- ☐ Ito'y isang mahusay na plano upang makuha ni Pedro ang pansin ng maraming tao.
- ☐ Ito'y nagkataong pangyayari sapagkat ang dalawang kristiyano ay naawa sa pulubi.
- ☐ Ito'y bahagi ng plano ng Diyos para sa kapakanan ng pilay at magiging maganda para sa mga makikinig sa mensaheng dala ni Pedro.

4. Ano ang sumunod na pangyayari pagkatapos nito?
- ☐ Ang pilay ay may pananampalataya, mabilis na tumayo, at ang kanyang paa at binti ay lumakas.
- ☐ Humingi si Pedro sa pulubi ng kaloob dahil sa pagpapagaling sa kanya.
- ☐ Ang pilay ay nagtatalon katulad ng bata, sumisigaw ng mga papuri sa Diyos na nagpagaling sa kanya.
- ☐ Ang mga tao'y hindi makapaniwala na ito'y isang tunay na himala.

**Basahin Mga Gawa 3: 11-16.** ***Samantalang nakahawak siya kina Pedro at Juan sa may Portiko ni Solomon, patakbong lumapit sa kanila ang mga taong takang-taka sa nangyayari. Pagkakita ni Pedro sa mga tao, kanyang sinabi, "Mga Israelita, bakit kayo nanggigilalas sa nangyayaring ito? Bakit ninyo kami tinitingnan nang ganyan? Akala ba ninyo'y napalakad namin siya sa pamamagitan ng sarili naming kapangyarihan o kaya'y dahil sa aming kabanalan? Ang Diyos nina Abraham, Isaac at Jacob, ang Diyos ng ating mga ninuno, ang nagbigay ng pinakamataas ng karangalan sa kanyang Lingkod na si Jesus. Ngunit siya'y ibinigay ninyo sa maykapangyarihan at itinakwil sa harapan ni Pilato, gayong ipinasiya na nitong palayain siya. Itinakwil ninyo ang Banal at Matuwid, at isang mamamatay-tao ang hiniling ninyong palayain. Pinatay ninyo ang Pinagmumulan ng buhay, ngunit siya'y muling binuhay ng Diyos, at saksi kami sa bagay na ito. Ang kapangyarihan ng pangalan ni Jesus ang nagpapagaling sa lalaking ito; nangyari ito dahil sa pananalig sa kanyang pangalan. Ang pananalig kay Jesus ang lubusang nagpapagaling sa kanya, tulad ng inyong nakikita.***

5. Ano ang sinabi ni Pedro tungkol sa pagkabuhay na magmuli ni Cristo?
- ☐ Sinabi niya na binuhay ng Diyos si Jesus mula sa kamatayan.
- ☐ Kanyang pinagtitibay na nakita niya at maging ng iba ang pagkabuhay na magmuli ni Cristo.
- ☐ Ipinaliwag niyang maigi na ang pagpapagaling sa pilay, na nakita ng bawat isa, ay dahil sa kapangyarihan ni Cristo na nabuhay na magmuli.
- ☐ Hindi niya isinaalang-alang na ang pagkabuhay na magmuli ni Cristo ay may kahalagahan.

A Gateway to World Missions
churchstarts.com

6. Ano ang Iyong Masasabi: Ano ang dinidiing mensahe ni Pedro sa mga Judio? Sino ang binibigyan ni Pedro ng papuri sa himala?

**Gawa 3:17-18.** ***"At ngayon mga kapatid, batid kong hindi ninyo nalalaman ang inyong ginawa, gayon din ang inyong mga pinuno. Ngunit sa ginawa ninyo'y natupad ang malaon nang ipinahahayag ng Diyos sa pamamagitan ng mga propeta na ang Cristo'y kailangang magbata."***

7. Anong tulong ang maaaring ibigay ni Pedro sa mga taong pumatay sa may-akda ng buhay?

- ☐ Tinawag niya silang "kapatid" na kunwari sila'y mahalagang bahagi ng pamilya.
- ☐ Sinabi niya, na batid niyang hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa nang ipapako nila si Jesus sa krus.
- ☐ Sinabi niya na pagkamatay ni Cristo ay hindi gaanong mahalaga.
- ☐ Sinabi niya na kinakailangang mamatay ni Cristo, upang tuparin ang hula na ang Tagapagligtas ay dapat maghirap para sa kasalanan ng mga tao.

**Gawa 3:19-20.** ***Kaya't magsisi kayo at magbalik-loob sa Diyos upang pawiin niya ang inyong mga kasalanan at bigyan kayo ng kaunting panahon sa pamamahinga: At susuguin niya si Jesus, ang Mesias na hinirang niya para sa inyo.***

8. Paano tinapos ni Pedro ang mensahe sa mga tao? Sinabi niya na:

- ☐ Dapat silang magsisi at tunay na magbago ng ugali.
- ☐ Pagbabalik-loob sa buhay na espirituwal, pagkilala nila kay Jesu-Cristo bilang kanilang Panginoon at Tagapagligtas, patatawarin at papawiin ng Diyos ang kanilang mga kasalanan.
- ☐ Huli na upang sila'y patawarin pa ng Diyos.
- ☐ Ang pagtanggap kay Cristo ay ang simula ng pagbigay ng Diyos ng biyaya sa lahat ng hihingi ng tawad.

**Basahin Mga Gawa 3:20-21.** ***At bigyan kayo ng kaunting panahon ng pamamahinga: At susuguin niya si Jesus, ang Mesias na hinirang niya para sa inyo. Siya'y dapat munang manatili sa langit hanggang sa dumating ang panahon ng pagbabago ng lahat ng bagay, ayon sa ipinahahayag ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang banal na propeta, mula pa noong una.***

9. Ano ang Iyong Pananaw: Ano ang sinasabi ni Pedro na magaganap kay Jesus bago magwakas ang panahon.




**ANG IYONG NARARAMDAMAN** *(Ang iyong tugon ay hindi kailangang bigkasin).*

- ☐ Nag-aalinlangan akong buhay si Cristo at may kapangyarihan ngayon.
- ☐ Ako'y walang alinlangan na lahat ng nasasaad sa bibliya ay naganap at si Cristo ay nabubuhay ngayon at may kapangyarihan na baguhin ang buhay ng nananampalataya sa kanya.
- ☐ Nauunawaan ko ang katigasan ng puso ng mga Judio. Ang puso ko'y gayon din ng harapin ko ang mga bagay na galing sa Diyos.
- ☐ Hinihiling ko sa Diyos na palambutin niya ang aking puso upang tunay akong makahingi ng tawad at tanggapin ang buong kapatawaran ng aking kasalanan.
- ☐ Bagaman ang aking pananampalataya ay mahina, ako'y naniniwala na si Jesus ang nag-iisang magliligtas sa akin kung siya'y aking tatanggapin ngayon.
- ☐ Nagpapasalamat ako sa Diyos na nagbukas ng aking puso at ako'y naniniwala sa kanyang Anak na tunay na may-akda ng buhay na walang hanggan.

CHURCH STARTS INTERNATIONAL
A Gateway to World Missions
churchstarts.com

4 IKAAPAT NA ARALIN



## ANG MGA HUKOM AY HINATULAN

Ang pinagsamang pwersa ng mga kaaway ni Cristo ay hindi nagtagumpay. Naipako nila si Jesus sa krus, ngunit ang katotohanan ay si Cristo'y nabuhay na magmuli. Ang mga apostol ni Jesus, na dapat ay natatakot at nagtatago, ay nangangaral araw-araw sa templo, nagpapahayag ng kaligtasan at buhay na walang hanggan na galing kay Cristo na nabuhay na magmuli.

At ngayon, ang mga pinuno ng israel ay nakatanggap ng balita na maraming mga tao ang nagkatipon sa templo upang pakinggan sina Pedro at Juan, dahil sa pagpapagaling sa pilay. Dahil dito, hinuli ang dalawang apostol upang sila'y litisin. Subalit, ating makikita na ang mga hukom mismo ay hahatulan.

***Basahin sa Bibliya: Gawa 4:1-22***

**Basahin Mga Gawa 4:1-4.** ***Nagsasalita pa sina Pedro at Juan nang dumating ang mga saserdote, ang kapitan ng mga bantay sa templo, at ang mga Saduceo. Galit na galit sila sa dalawang apostol sapagkat ipinahahayag nila sa mga tao na si Jesus ay muling nabuhay at ito ang katunayan na muling mabubuhay ang mga patay. Kaya't dinakip nila ang dalawa ngunit ikinulong muna hanggang kinabukasan sapagkat gabi na noon. Gayunman, marami sa nakarinig ng kanilang pangangaral ang sumampalataya kay Jesus, at umabot sa 5,000 ang bilang ng mga lalaki.***

1. Itinuturo ng mga saserdote na walang pagkabuhay na magmuli ng mga namatay. Ngayon, bakit sila nagagalit at ano ang ginawa nila?

☐ Nagagalit sila sapagkat itinuturo ng mga apostol ang pagkabuhay na magmuli.
☐ Walang alinlangang ipinahahayag ng mga apostol ang pagkabuhay na magmuli ni Cristo bilang katunayan na muling mabubuhay ang mga patay.
☐ Galit sila sapagkat ang mga apostol ay naglilikom ng kaloob sa templo.
☐ Libo-libong mga Judio ang naniniwala sa mensahe ni Pedro at Juan.



2. Sa Iyong Pananaw: Ano ang mga bagay na higit na bumabagabag sa pinuno ng mga Judio?

☐ Natatakot sila na mawala ang kanilang impluwensya sa mga tao at pumanig sa mga apostol ni Cristo na nangunguna sa espiritu.
☐ Hindi nila gustong pinagbibintangang pumatay kay Cristo.
☐ Hindi nila gustong ordinaryong tao, hindi naman mga saserdote, ang nagtuturo sa mga tao.
☐ Hindi nila maitatwa ang katunayan ng mga himala na nagawa sa pangalan ni Jesus.
☐ Nagsimula silang maniwala na ipinako nila si Jesus ng walang kabuluhan at ang mga tao ay maaaring patuloy na susunod sa kanya.

**Gawa 4:5-7.** ***Kinabukasan, nagkatipon sa Jerusalem ang mga pinuno, ang matatanda ng bayan, at ang mga eskriba. Kasama nila si Anas na pinakapunong saserdote, si Caifas, si Juan, si Alejandro at ang buong angkan ng pinakapunong saserdote. Pinaharap nila ang mga apostol at tinanong, "Sa anong kapangyarihan o kaninong pangalan ninyo ginagawa ang mga bagay na ito?"***

3. Sino ang nagbuo ng Kataas-taasang Hukuman ng mga Judio ayon sa mga talata? Hindi ba sila rin ang mga taong naghatol kay Jesus upang mamatay? (Tignan sa Marcos 14:53) Ano ang kanilang tanong sa dalawang alagad ni Jesus?

**Gawa 4:8-10.** ***Sumagot si Pedro, na puspos ng Espiritu Santo: "Mga pinuno, at matatanda ng bayan, kung sinisiyasat ninyo kami ngayon tungkol sa kabutihang ginawa namin sa lumpong ito at kung paano siya gumaling, talastasin ninyong lahat at ng buong Israel na ang taong ito'y nakatindig sa inyong harapan at lubusang gumaling dahil sa kapangyarihan ng pangalan ni Jesu-Cristong taga-Nazaret. Siya'y inyong ipinako sa krus, ngunit muling binuhay ng Diyos."***

4. Si Pedro sa kanyang sagot ay

☐ Nanginig sa loob ng korte
☐ Nagpakita ng dakilang katapangan sa harapan ng mga hukom.
☐ Tinandaan silang dalawa dahil inakusahan sila sa paggawa ng mabuti sa pilay.
☐ Kinumpirma nila na ang pilay ay nakatatayo na sa kanilang harapan dahil sa kanyang pananampalataya sa kapangyarihan ni Jesu-Cristo.
☐ Humingi ng tawad dahil sa kanilang pangangaral sa templo ng walang pahintulot.
☐ Malinaw na ipinahahayag ng Diyos ang pagkabuhay ni Jesus sa kamatayan.

CHURCH STARTS INTERNATIONAL
A Gateway to World Missions
churchstarts.com

5. Sariling Pananaw: Paanong nangyari na si Pedro na nagtatwa kay Cristo sa harapan ng mga utusan, ngayon ay may lakas ng loob na magsalita sa mga pinuno ng bansa?

- ☐ Walang alinlangang siya ay lasing.
- ☐ Naranasan niya sa sarili ang kapangyarihan ni Cristo sa kamatayan.
- ☐ Hindi siya natakot sa gagawin sa kanya sapagkat alam niya na binigyan siya ni Cristo ng buhay na walang hanggan.
- ☐ Galit sia sa mga pinuno ng relihiyon dahil sa kanilang pagmamalaki at mga pagkakamali.
- ☐ Alam niya na ang Diyos, ang tapat na Hukom, ay hinatulan na ang mga taong ito dahil sa kanilang pagsalungat kay Jesu-Cristo.
- ☐ Lubos siyang nagtitiwala kay Jesu-Cristo maging ito ay sa buhay o sa kamatayan.

**Gawa 4:11.** ***Ang Jesus na ito 'Ang batong itinakwil ninyong mga tagapagtayo ng bahay ang siyang naging batong panulukan.'***

6. Bakit binanggit sa kanila ni Pedro ang hula na ito na mula sa Lumang Tipan?

- ☐ Sapagkat natupad ang mga hula dahil sa paghihimagsik ng mga "tagapagtayo ng bahay," silang mga pinuno ng mga Judio.
- ☐ Kahit na ang tao'y mabigo, nasa Diyos ang tagumpay.
- ☐ Tinanggihan ng mga pinuno ng Judio si Cristo ang paraan ng Diyos upang maligtas ang mga tao.
- ☐ Si Pedro mismo ang bato na ibinigay ng Diyos para sa kaligtasan ng mga tao.
- ☐ Si Cristo ang batong pundasyon ng kaligtasan para sa lahat ng tatanggap at hindi tatanggi sa kanya.

**Gawa 4:12.** ***Kay Jesu-Cristo lamang matatagpuan ang kaligtasan, sapagkat sa silong ng langit, ang kanyang pangalan lamang ang ibinigay ng Diyos sa ikaliligtas ng tao.***

7. Ito ay isa sa makapangyarihang pahayag ng Bibliya tungkol sa ating kaligtasan. Itinuturo nito:

- ☐ Kinakailangan nating maligtas sa ating kasalanan.
- ☐ Ang mga bagay tungkol sa ating kaligtasan ay maliit na halaga lamang sa Bibliya.
- ☐ Ang kaligtasan ay galing sa mga gawa ni Cristo at hindi galing sa gawa nino man.
- ☐ Kailangan nating iligtas ang ating mga sarili.
- ☐ Maliligtas tayo sa pahintulot ng mga bayaning kristiyano at mga mahuhusay na pinuno.
- ☐ Ang pinakapinuno ng mga Judio ay lubos na nagkamali sa kanilang pagtutol na si Cristo ang nag-iisang tagapagligtas.



CHURCH STARTS INTERNATIONAL
A Gateway to World Missions
churchstarts.com

**Talata 4:13-18.** ***Nagtaka ang mga bumubuo ng Sanedrin sa katapangang ipinakita nina Pedro at Juan, lalo na ng mabatid nilang mga karaniwang tao lamang ang mga ito at hindi nag-aral. Napagkilala nilang sila'y kasamahan ni Jesus noong nabubuhay pa. At nang makita nila ang taong pinagaling, na nakatayo sa tabi ng dalawa, wala silang masabi laban sa kanila. Kaya't pinalabas muna sa Sanedrin ang mga alagad, saka sila nag-usap. "Ano ang gagawin natin sa mga taong ito?" tanong nila. "Sapagkat hayag na sa buong Jerusalem at hindi natin maitatatwa na isang pambihirang kababalaghan ang naganap sa pamamagitan nila. Para hindi na kumalat ito, balaan natin sila na huwag nang magsasalita kanino man tungkol sa pangalang ito.Kaya't muli nilang ipinatawag sina Pedro, at binalaan na huwag nang magsasalita o magtuturo pa tungkol kay Jesus.***

8. Ang mga pinunong Judio ay dumating sa pagwawakas:

- ☐ Ang mga matatapang na taong ito ay tunay na alagad ni Jesus.
- ☐ Mahirap na itatwa na ang mga alagad na ito ang nagpagaling sa pilay sa kapangyarihan ni Jesus.
- ☐ Napagkasunduan nilang ipako sa krus ang dalawang alagad.
- ☐ Naramdaman nilang ang dapat gawin ay takutin sila, balaan na huwag nang magsasalita tungkol sa pagkabuhay at kapangyarihan ni Jesu-Cristo.

**Gawa 4:19-20.** ***Subalit sumagot sina Pedro at Juan, "Kayo na po ang humatol kung alin ang matuwid sa paningin ng Diyos: ang sumunod sa inyo o ang sumunod sa Diyos. Hindi maaaring di namin ipahayag ang aming nakita't narinig."***

9. Ano ang sinagot ni Pedro sa Kataas-taasang Hukuman ng mga Judio?

- ☐ Nangako na hindi muling magsasalita pa tungkol kay Jesus.
- ☐ Nangakong patuloy na magtuturo tungkol sa kapangyarihan ni Jesus.
- ☐ Sinabi niya na kailangang sundin nila ang Diyos bago ang tao.

**Gawa 4:21-22.** ***At sila'y binalaan nang lalo pang mahigpit saka pinalaya. Wala silang makitang paraan upang maparusahan ang dalawa, sapagka't ang mga tao'y nagpupuri sa Diyos dahil sa nangyari. Ang lalaking pinagaling ay mahigit nang apatnapung taong gulang.***

10. Sa iyong Pananaw: Bakit nila pinakawalan ang mga alagad?


**ANG IYONG NARARAMDAMAN:** *(Ang mga sumusunod ay ibinigay upang tulungan kang malaman ang iyong relasyon sa Diyos. Hindi kinakailangang basahin ang iyong sagot.)*

- ☐ Naniniwala akong ang kapangyarihan ni Jesus ang nagpagaling sa pilay.
- ☐ Naniniwala akong ang mga alagad ay nagsalita ng may kapangyarihan dahil alam nilang nagsasabi sila ng totoo tungkol kay Jesus.
- ☐ Naniniwala akong walang ibang pangalan, sa silong ng langit, na ibinigay sa mga tao, na ikaliligtas natin.
- ☐ Naniniwala akong kinakailangang tanggapin ng lahat ng mga tao si Cristo bilang tagapagligtas.
- ☐ Naniniwala ako kay Jesu-Cristo bilang aking Panginoon at Tagapagligtas, nagtitiwala sa kanya na magliligtas sa aking mga kasalanan.



CHURCH STARTS INTERNATIONAL
A Gateway to World Missions
churchstarts.com

5 IKALIMANG ARALIN



## BAUTISMO NG MGA NANANALIG

Ano ang ibig sabihin ng bautismo? Bakit kinakailangan mabautismohan? Sa anong edad dapat pabautismo? Ano ang kinakailangan bago pabautismo?

Sa panahon natin, marami ang nalilito tungkol sa bautismo? Iba't-ibang simbahang kristiyano at samahan ay may kanya-kanyang pananaw tungkol sa bautismo? Muli, tanong natin, paano natin malalaman ang katotohanan?

Ang sagot sa atin para dito ay madali lamang. Kailangan nating makita ang sinasaad ng bibliya, sapagkat ito ang banal na Salita ng Diyos. Kung itinuturo ng bibliya ang pinaniniwalaan natin, maigi. Kung ang itinuturo ay saliwat sa pinanghahawakan nating pananaw, sundin natin ang mga Salita ng Diyos at hindi ang ating mga iniisip.

***Basahin sa Bibliya: Gawa 8:1-13, 26-40***

**Basahin Gawa 8:1-3.** ***At pagkasabi nito, siya'y namatay. Kasang-ayon si Saulo sa pagkapatay kay Esteban. At nagsimula ng araw na iyon ang isang mahigpit na pag-uusig laban sa iglesya sa Jerusalem. At liban sa mga apostol, lahat ng sumasampalataya ay nangalat sa lupain ng Judea at Samaria. Si Esteban nama'y inilibing ng mga taong may takot sa Diyos, at gayon na lamang ang kanilang panangis. Samantala, sinikap ni Saulo na wasakin ang iglesya: pinapasok niya ang bahay-bahay at kinakaladkad ang mga sumasampalataya at ibinibilanggo, maging lalaki't maging babae.***

1. Ayon sa nasusulat, sino ang unang kristiyanong martir? Paano pinahirapan ang mga kristiyano? Ano ang ginawa ng maraming mga kristiyano upang makatakas? Sino ang itinuturing na higit na kalaban ng iglesya?

**Gawa 8:4.** ***Nangalat ang mga mananampalataya, at saan man sila makarating ay ipinangangaral nila ang Salita.***

2. Ang mga kristiyanong lumisan sa Jerusalem:
☐ Tumahik tungkol sa kanilang pananampalataya
☐ Ipinangaral sa madla ang kaligtasan mula kay Cristo

**Gawa 8:5.** ***Nagpunta si Felipe sa isang lunsod ng Samaria at ipinangaral doon ang Mesias.***



3. Sino si Felipe? Saan siya nagtungo pagkagaling sa Jerusalem? Ano ang ginawa niya ng makarating sa Bayan ng Samaria? Ano ang ipinangaral niya doon?

4. Sa iyong Pananaw: Ano ang pinakaimportanteng mensahe:
☐ Lahat ng tao ay lalo pang maging relihiyoso
☐ Lahat ng tao ay dapat bautismuhan
☐ Tanggapin ng lahat ng tao si Cristo bilang Tagapagligtas at Panginoon

**Gawa 8:6-8.** ***Nang mabalitaan ng mga tao at makita ang mga kababalaghang ginawa niya, pinakinggan nilang mabuti ang sinabi niya. Sapagkat ang masasamang espiritu ay umalis sa mga taong inaalihan nito at sumisigaw habang lumalabas; maraming mga lumpo at mga pilay ang napagaling. Kaya't nagkaroon ng malaking kagalakan sa lunsod na iyon.***

5. Ang mga tao sa Bayan ng Samaria ay:
☐ Tinanggap ng may kagalakan ang mensahe ni Cristo
☐ Sumalungat kay Felipe
☐ Nagalak sa natanggap na mensahe

**Gawa 8:9-11.** ***Doo'y may isang lalaki na ang pangala'y Simon. Noong una, pinahangga niya ang mga Samaritano sa pamamagitan ng salamangka. Ipinamamansag niya na siya'y may taglay na kapangyarihan at pinakikinggan siya ng lahat, mula sa pinakadakila hanggang sa pinakaaba. "Ang lalaking ito ang tinatawag na Dakilang Kapangyarihan, ang kapangyarihan ng Diyos," sabi nila. Mahabang panahon din sila'y pinahanga niya sa pamamagitan ng kanyang salamangka, kaya't siya'y patuloy na pinakikinggan nila.***

6. Ano ang relihiyon at espirituwal na katayuan ng bayan? Anong uri ng tao si Simon?

**Gawa 8:12.** ***Ngunit nang ipangaral ni Felipe ang Mabuting Balita tungkol sa paghahari ng Diyos at tungkol kay Jesu-Cristo, sila'y sumampalataya at nagpabautismo – lalaki't babae.***

7. Sa Iyong Pananaw: Ano ang katibayan na iniwan na ng mga Samaritano ang kanilang paniniwala sa salangka? Sa anong edad binautismuhan ang mga Samaritano? Pinabautismuhan din ba nila ang kanilang mga sanggol? Ilan sa kanila ang tunay na sumampalataya ang binautismuhan?

**Gawa 8:13.** ***Pati si Simon ay sumampalataya rin, at nang mabautismuhan ay palaging sumasama kay Felipe. Humanga siya ng makita niya ang mga kababalaghan.***



A Gateway to World Missions
churchstarts.com

8. Si Simon, na tanyag na salamangkero ay:
- ☐ Sumalungat kay Felipe.
- ☐ Sumampalataya kay Jesu-Cristo, binautismuhan at sumunod kay Felipe.

**Gawa 8:26-27.** ***Pagkatapos, si Felipe naman ay inutusan ng isang anghel ng Panginoon, "Pumunta ka agad sa timog sa daang patungong Gaza, mula sa Jerusalem." (Ito'y ilang.) Kaya't naparoon si Felipe. Sa darating naman ang isang Etiopeng eunuko. Siya ang tagpamahala sa lahat ng kayamanan ng Candace o reyna ng Etiopia. Nagpunta siya sa Jerusalem at sumamba sa Diyos.***

9. Pag-usapan: Saan pinapunta si Felipe? Paano tumugon sa utos si Felipe?

**Gawa 8:28.** ***Siya'y pauwi na noon, nakasakay sa kanyang karwahe at nagbabasa ng aklat ni Propeta Isaias.***

10. Ano ang matatagpuan mo sa mga sulat na ito na nagsasabing ang taong ito'y nabibighani sa mga bagay tungkol sa Diyos.

**Gawa 8:29-31.** ***"Sabayan mo ang sasakyang iyon," sabi ng Espiritu kay Felipe. Patakbong lumapit si Felipe, at narinig niyang binabasa ng eunuko ang aklat ni Propeta Isaias. Kaya't tinanong niya ang eunuko, "Nauunawaan po ba ninyo ang inyong binbasa?" "Paano kong mauunawaan ito kung walang magpapaliwanag sa akin?" sagot nito. At si Felipe'y inanyayahan niyang sumakay sa karwahe at umupo sa tabi niya.***

11. Ang Etiopeng eunuko
- ☐ Dahil sa kanyang pagmamalaki ay hindi niya malalaman ang katotohanan ng Diyos.
- ☐ Gustong matuto sa pagbabasa ng Bibliya.
- ☐ Humingi ng tulong upang maunawaan ang Bibliya.

**Gawa 8:32-33.** ***Ito ang bahagi ng kasulatang binabasa ninya: "Kung paanong walang imik ang tupa na dinadala sa patayan o ang kordero sa harapan ng manggugupit, gayon din naman, hindi siya nagbuka ng kanyang bibig. Siya'y hinamak at pinagkaitan ng katarungan. Walang maitatala tungkol sa kanyang mga inapo sapagkat kinitil dito sa lupa ang kanyang buhay."***

12. Ang bahagi ng salita na kanyang binabasa
- ☐ Ay ang hula tungkol sa paghihirap ni Cristo para sa ating kasalanan.
- ☐ Ay binabanggit lamang ang buhay ng propeta



**Gawa 8:36.** ***Nagpatuloy sila sa paglalakbay, at dumating sa isang lugar na may tubig. "May tubig dito!" sabi ng eunuko. "Ako ba'y hindi pa maaring bautismuhan?"***

13. Pananaw: Ano ang katibayan na ang Etiope ay tapat na tinanggap si Cristo bilang kanyang Panginoon?

**Gawa 8:37.** ***Sinabi sa kanya ni Felipe, "Maaari, kung sumasampalataya ka nang buong puso." Sumagot siya, "Sumasampalataya ako na si Jesu-Cristo ang Anak ng Diyos."***

14. Ano ang sinabi ni Felipe na nag-iisang kailangang gawin ng Etiope upang mabautismuhan? Sa anong antas dapat tayong maniwala kay Cristo ayon sa aklat? Ano ang patotoo ng Etiope?

**Gawa 8:38-40.** ***Pinatigil ng eunuko ang karwahe; lumusong silang dalawa sa tubig, at binautismuhan siya ni Felipe. Pagkaahon nila sa tubig, si Felipe'y kinuha ng Espiritu ng Panginoon. Hindi na siya nakita ng eunuko na nagpatuloy naman sa kanyang paglalakbay na tuwang-tuwa. Namalayan na lamang ni Felipe na siya ay nasa Azoto. Mula noon, ipinangaral niya ang Mabuting Balita tungkol kay Jesus sa lahat ng bayang dinaraanan niya hanggang sa marating ang Cesarea.***

15. Pananaw: Bakit tuwang-tuwa na nagpatuloy sa paglalakbay ang Etiope?
- ☐ Siya'y natuwa sapagkat hindi na siya gagambalain pa ni Felipe
- ☐ Siya'y tunay na sumpalataya kay Cristo at ipinakita ang pananampalataya sa pamamagitan ng pagpapabautismo niya.
- ☐ Siya'y may Mabuting Balita tungkol kay Jesus upang ipamahagi sa kanyang pamilya at mga kaibigan sa Etiopia.

**PAGSUSURI SA SARILI:** Ikaw ba'y naniwala na kay Jesu-Cristo nang buong puso? Ikaw ba'y na bautismuhan na bilang patotoo ng iyong pananampalataya kay Jesus? Ikaw ba'y inilubog na sa tubig bilang bautismo, simbolo ng pagkamatay ng dati mong buhay bago mo nakilala si Cristo? Gusto mo bang gawin na ngayon?

A Gateway to World Missions
churchstarts.com

6 IKAANIM NA ARALIN



## PAGPAPATOTOO SA HARI

Ang Bagong Tipan, maging sa kasaysayan ng kristiyanismo ay tumutukoy sa buhay ng libo-libong tao na nakaranas ng kapangyarihan ng Diyos sa kanilang buhay sa pamamagitan ng pananalig kay Jesu-Cristo. Ang dakilang Apostol ng mga hentil, si Pablo, ay kilala dati bilang si Saul.

Tatlong bese sa aklat ng Mga Gawa, ay nakatala ang sariling karanasan ni Pablo ng kaligtasan. Ang sumusunod ay isa dito, nang nagsalita si Pablo sa hari. Nagsalita si Pablo sa kanya ng nakatanikala. Siya ay patungong Roma kung saan ay ipagtatanggol niya ang kanyang sarili sa harap ng Emperador dahil sa pagsunod niya kay Jesu-Cristo.

***Basahin sa Bibliya: Gawa 26:1-19***

**Gawa 26:1-3.** ***Sinabi ni Agripa kay Pablo, "May pahintulot kang magsalita; ano ang sasabihin mo tungkol sa iyong sarili?" Nagbigay-galang si Pablo, at nagsalita bilang pagtatanggol sa sarili: "Haring Agripa, ituturing ko pong isang malaking kapalaran na marinig ninyo ang pagtatanggol ko sa sarili laban sa mga sumbong ng mga Judio. Kaya't hinihiling kong pagtiyagaan ninyong pakinggan ako.***

1. Pag-usapan: Ano ang sinabi ni Pablo kay Haring Agripa bilang paggalang?

**Gawa 26:4-8.** ***"Alam ng lahat ng Judio kung paano ako namuhay mula pa sa aking pagkabata, sa sariling bayan at sa Jerusalem. Matagal na nilang alam, at sila na ang makapagpapatotoo kung kanilang iibigin, na namuhay ako bilang kaanib ng pinakamahigpit na sekta ng aming relihiyon, ang sekta ng mga Pariseo. At ngayo'y nililitis ako dahil sa aking pag-asa sa pangako ng Diyos sa aming mga ninuno. Ang pangako ring iyan ang inaasahan ng labindalawang lipi kaya't sila'y taimtim na sumasamba sa Diyos gabi't araw. At dahil sa pag-asa ring ito, Haring Agripa, ako'y isinaksakdal ng mga Judio! Bakit iisipin ng lahat ng narito na di maaaring buhaying muli ng Diyos ang mga patay?***



2. Nagsimula si Pablo sa pagtitibay na
☐ Siya ay naging tapat, relihiyosong Judio buong buhay niya
☐ Siya ay nakatanikala dahil sa kanyang pag-asa sa pangako ng Diyos na binigay niya sa kanyang mga ninuno
☐ Ang pangako ay may kinalaman sa kapangyarihan ng ilang iglesiya
☐ Ang pangako ay may kinalaman sa pagkabuhay na magmuli ni Jesus

**Gawa 26: 9-11.** ***"Akala ko rin noong una'y dapat kong gawin ang lahat kong magagawa laban sa mga tagasunod ni Jesus na taga-Nazaret. At gayon nga ang ginawa ko sa Jerusalem. Maraming Cristiyano ang aking pinabilanggo, sa kapangyarihan ng mga punong saserdote, at nang sila'y hatulan ng kamatayan, isa na ako sa humatol. Ginaygay ko ang lahat ng sinagoga, at sinuman sa kanilang abutan ko roon ay pinarurusahan ko upang piliting magsalita laban kay Jesus. Sa tindi ng poot ko'y pinag-uusig ko sila kahit sa mga lunsod sa ibang bansa."***

3. Bago siya nagbago, Ano ang pakitungo ni Pablo tungkol kay Jesu-Cristo?
☐ Naisip niya na mabuti ang sumalungat sa pangalan at kapangyarihan ni Jesus na taga-Nazaret.
☐ Nabubuhay sa matibay niyang paniniwala, pinag-uusig ang sinumang naniniwala kay Jesus.
☐ Naisip niya na kaunti lamang ang pagkakaiba kung may isang naniniwala o hindi kay Jesus.

**Gawa 26:12-15.** ***"Iyan po ang layunin ng pagpunta ko sa Damasco, taglay ang kapangyarihan at pahintulot ng mga punong saserdote. Nang katanghaliang-tapat habang kami'y naglalakbay, nakita ko po, Haring Agripa, ang isang matinding liwanag mula sa langit, maningning pa kaysa araw. Nakasisilaw ang liwanag sa paligid naming magkakasama. Kami pong lahat ay nasubasob sa lupa, at narinig ko ang isang tinig na nagsasabi sa akin sa wikang Hebreo, 'Saulo, Saulo, bakit mo ako pinag-uusig? Ikaw na rin ang masasaktan sa paghihimagsik mong iyan. Para kang sumikad sa tulis.' At itinanong ko, 'Sino po kayo, Panginoon?' at kanyang sinabi, 'Ako'y si Jesus na iyong pinag-uusig."***

CHURCH STARTS INTERNATIONAL
A Gateway to World Missions
churchstarts.com

4. Ilarawan ang karanasan ni Pablo:

- ☐ Si Pablo ay humayo taglay ang kasulatan na may kapangyarihan upang dakpin ang mga kristiyano sa Damasco.
- ☐ Ang mga kasamahan ni Pablo ay nakakita ng matinding liwanag, ngunit si Pablo'y walang man lamang nakita.
- ☐ Si Pablo ay nakarinig ng tinig mula sa langin na tinatawag ang kanyang pangalan.
- ☐ Ang tinig ay nagtatanong kung bakit siya pinag-uusig ni Pablo
- ☐ Alam kaagad ni Pablo kung kaninong tinig iyon.
- ☐ Si Pablo ay nag-alinlangan kung sino ang tinig na iyon at tinanong kung sino siya.

**Gawa 26:15-18.** ***"At itinanong ko, 'Sino po kayo, Panginoon?' At kanyang sinabi, 'Ako'y si Jesus na iyong pinag-uusig. Tumindig ka! Napakita ako sa iyo upang ikaw ay suguin. Magpatotoo ka tungkol sa nakita mo ngayon at sa ipapakita ko pa sa iyo. Ililigtas kita sa mga Judio at mga Hentil na pagsusuguan ko sa iyo. Susuguin kita sa mga taong iyon upang imulat ang kanilang mata, upang ibalik sa kaliwanagan mula sa kadiliman, at sa Diyos mula sa kapangyarihan ni Satanas. At sa pamamagitan ng pagsampalataya nila sa akin, sila'y patatawarin sa kanilang kasalanan at mabibilang sa mga pinapaging-banal!'"***

5. Ano ang sinabi kay Pablo?

- ☐ Na ang tinig ay si Jesu-Cristo mismo.
- ☐ Na tumindig mula sa lupa.
- ☐ Na huwag mag-alala; kung ano man ang ginawa ni Pablo noon ay hindi mahalaga.
- ☐ Na siya, si Cristo, ay magbibigay ng bagong layunin sa kanyang buhay.

6. Sariling Pananaw: Kung ililigtas ni Cristo ang sino man ngayon, alin sa mga sumusunod na dahilan ang magbibigay patunay na siya ay niligtas na ni Cristo? Kaya siya ay:

- ☐ Magbibigay patotoo ng karanasan niya kay Cristo.
- ☐ Magiging daan upang mabuksan ang espirituwal na mata ng mga tao
- ☐ Makakatulong sa maraming mga tao upang lisanin ang kadiliman nang makapasok sa liwanag ng Diyos
- ☐ Nang mailigtas ang maraming mga tao sa kapangyarihan ni Satanas upang maranasan ang kapangyarihan ng Diyos.
- ☐ Makatulong sa mga taong matanggap nila ang buong kapatawaran ng kanilang mga kasalanan
- ☐ Makatulong sa mga tao upang sila'y maging kaanib ng iba pang mga naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo



CHURCH STARTS INTERNATIONAL
A Gateway to World Missions
churchstarts.com

**Talata 26:19.** ***"Dahil po rito, Haring Agripa, hindi ako sumuway sa pangitaing mula sa langit."***

7. Pag-usapan: Ayon kay Pablo, Ano ang ginawa niya bilang tugon sa pag-unawa sa plano ng Diyos sa kanyang buhay?

8. Sariling Patotoo: Naaangkop lamang na tapusin ang pag-aaral natin patungkol sa patotoo ni Pablo sa pamamagitan ng pakikinig sa mga patotoo ng mga nabubuhay ngayon. Ang Guro at ang mga nagsisipag-aral ay inaanyayahang ipahayag sa maikling salita kung ano ang kahulugan ni Jesu-Cristo sa kanilang buhay.